



Alameda-Contra Costa Transit District

Ulat Blg.:
Petsa ng
Pagpupulong:

13-305b
Abril 9, 2014

U L A T N G S T A F F

SA: Planning Committee
AC Transit Board of Directors

MULA SA: David J. Armijo, General Manager

PAKSA: Pagtatakda ng Pampublikong Pagdinig – Mga Patakaran sa ilalim ng Title VI

ISASAGAWANG KILOS SA PAKSA

(MGA) INIREREKUMENDANG KILOS:

Isaalang-alang ang pagtatakda ng isang pampublikong pagdinig sa Hunyo 11, 2014 hinggil sa iminungkahing mga pagbabago sa mga patakaran ng Board 163, 501, at 551 para matugunan ang mga kahilingan ng Federal Transit Administration (FTA) na may kaugnayan sa pagsunod sa Title VI (Civil Rights Act) .

KABUUANG PAGSASABUOD:

Ang mga pagbabago sa tatlong patakaran ng Board ay hinihiling para sa pagsunod sa Title VI (Civil Rights Act) at Mga Regulasyon ng FTA. Kabilang sa mga ito ang pag-update sa reklamo ng Distrito sa ilalim ng Title VI at mga patakaran sa Malaking Pagbabago sa Serbisyo, na nagtatatag ng mga patakaran para sa maltuturing na Hindi Makaturangang Epekto at Mas Malaking Pasanin, at pagtatatag ng programa sa pagsubaybay s transit sa Title VI. Ang mga ito ay hinihiling na mga elemento sa ilalim ng Programa ng Distrito sa Title VI, na dapat ma-update at maisumite sa FTA bago lumampas ang Oktubre 1, 2014.

EPEKTO SA BUDGET/PANANALAPI:

\$40,000 para sa mga pagsisikap sa pag-abot sa publiko na iniaatas ng regulasyon ng FTA at patakaran ng Distrito.

BACKGROUND/KATWIRAN:

Ipinagbabawal ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964 ang diskriminasyon, sadya man o hindi, na lbinatay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa para sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng pederal na pagpopondo. Ang Executive Order 12898 na ipinalabas noong 1994 ay nagpapalakas sa Title VI of the Civil Rights Act of 1964 sa pamamagitan ng pag-uutos na ang Environmental Justice ay bahagi ng misyon ng bawat pederal na ahensya at programa na pinopondohan ng pamahalaan. Ang Executive Order 13166 na ipinalabas noong 2000 ay higit pang nagpapatatag sa Title VI sa pamamagitan ng pag-uutos sa mga tao na may limitadong kasanayan sa wikang Ingles na dapat ay may makabuluhan silang daan sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng mga pederal na pondo. Noong Oktubre 2012, nagpalabas ang FTA ng Circular 4702.1B, na nagbabalangkas sa mga bagong iniaatas para sa mga tumatanggap ng programa ng Title VI ng FTA.

Ang AC Transit ay inatasan na isumite ang Programa sa ilalim ng Title VI nito para maipakita ang pagsunod sa mga regulasyon na ito para marepaso ng Federal Transit Administration tuwing tatlong taon; ang pagbabago na sumasailalim sa pagsasaalang-alang ay dapat magawa bago sumapit ang Oktubre, 2014. Para mapanatiling sumusunod sa pinakahuling patnubay ng FTA, kinakailangang isapanahon ang ilang mga Board Policy (Patakaran ng Board), tulad ng sumusunod.

Proseso ng Pagrereklamo sa ilalim ng Title VI

Ang Board Policy 501 ay kasalukuyang naglalaman ng patakaran sa pakikipag-ugnayan sa kostumer ng Distrito at pati na rin ang proseso sa pagreklamo sa ilalim ng Title VI. Ang paglilipat ng pananalita ng proseso sa pagrereklamo sa ilalim ng Title VI mula sa Board Policy 501 patungo sa 551 ay maglalagay sa lahat ng mga proseso at patakaran sa ilalim ng Title VI sa iisang dokumento na lang.

May dalawang bagong paksa sa iminungkahing proseso ng pagrereklamo:

1. Pagsasama ng may mababang kita bilang isang kategorya kung saan magagamit ng isang tao ang form sa pagreklamo sa Title VI, bilang isang paraan ng pagsama ng mga ikinababahala sa hustisyang pangkapaligiran sa proseso; at
2. Ang layunin na gawing handang makita o magamit ang impormasyon tungkol sa proseso sa pagrereklamo sa ilalim ng Title VI sa mga wikang bukod sa Ingles, tulad ng iniaatas ng pinakamainam na pamamalakad ng Limited English Proficiency.

Ang iminungkahing balangkas ng Board Policy 551 ay kinabibilangan ng mga huling araw at takdang panahon para sa parehong claimant at Distrito, ayon sa bagong pederal na patnubayl, tulad ng sumusunod:

- Ang isang reklamo ay dapat na isampa sa loob ng 180 araw na batay sa kalendaryo makalipas ang petsa na pinaniniwalaan ng claimant na naganap ang diskriminasyon.
- Kukumpletuhin ng staff ang isang repaso sa reklamo sa loob ng 60 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ito
- Kung hindi sumang-ayon ang claimant sa kinalabasan, maaari nilang hilingin ang muling pagsasaalang-alang sa loob ng 10 araw na base sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang sagot
- Ipagbibigay-alam ng General Manager sa claimant ang desisyon na tanggapin o tanggihan ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang sa loob ng 10 araw na batay sa kalendaryo
- Maaari rin magsampa ng reklamo ang claimant nang direkta sa FTA sa loob ng 180 araw ng paratang na diskriminasyon.

Ang mga pagbabagong ito ay nagpapakita sa kasalukuyang pamamalakad ng Distrito, na nagbago noong 2012 para sumunod sa patnubay ng FTA ang pamamalakad sa reklamo. Sa pamamagitan ng pag-apruba sa mga pagbabagong ito, ang pamamalakad na ito ay ilalagay sa sistema ng patakaran ng Distrito.

Patakaran sa Malaking Pagbabago sa Serbisyo

Ang mga elemento ng Patakaran sa Malaking Pagbabago sa Serbisyo ng Distrito ay kasalukuyang nasa dalawang magkaibang Patakaran ng Board: Ang Policy 163, na nagpapaliwanag sa proseso ng pampublikong pagdinig, at ang Policy 551, na kumikilala sa proseso ng pagsasagawa ng Title VI na pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo at pasahe. Ang pagbabago sa dalawang patakaran na ito ay lilinis at magpapaliwanag kung kailan may sapat na kahalagahan ang iminungkahing mga pagbabago sa serbisyo at pasahe para hilingin ang pagsusuri sa pagkamakatarungan sa Title VI.

Ang mga pagbabago sa Board Policy 551 ay kinabibilangan ng:

- Pag-aalis sa hindi kinakailangang mga halimbawa ng bagay na makakapagsimula ng isang pagsusuri sa Title VI
- Kasama na ang iniaatas na ituring ang mga pagbabago na " malaki" kung, kapag isinaalang-alang na iisa o sama-sama sa loob ng panahon na tatlong taon, ay makakatugon ayon sa kahulugan ng malaking pagbabago sa serbisyo
- Pag-aalis sa pagkakatalaga ng " maliit" na mga pagbabago sa serbisyo
- Pagtatatag ng isang pagpapaliwanag sa mga lugar ng pagpapalano ng Distrito
- Ang pagtatatag na anumang pagbabago na makakapagsimula ng isang pampublikong pagdinig ay magpapasimula rin sa pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo sa Title VI

Ang iminungkahing balangkas ng Patakaran sa Malaking Pagbabago sa Serbisyo, na mananatiling Board Policy 551, ay nagsasaad ng:

"Magaganap ang isang pagsusuri sa Titulo VI tuwing may malaking pagbabago sa pagbibigay ng serbisyo. Ang mga pagbabago sa serbisyo na sakop ng patakaran na ito ay ang mga naipahiwatig bilang "Malalaking Pagbabago sa Serbisyo ng Transit" sa ilalim ng Board Policy 163 ("Mga Proseso ng Pampublikong Pagdinig para sa Board of Directors") Ang malaking pagbabago sa serbisyo ay karaniwang ang bumubuo sa isang malaking pinagsamang pagbabago sa mga milya ng ruta o oras, at maaaring kabilang ag mga muling pag-aayos sa ruta ng buong sistema, mga pagbabago sa kadalasan, o pagdadagdag o pag-aalis sa serbisyo. Para sa mga nasabing malaking pagbabago sa serbisyo, ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo ng Title VI ay magtatasa sa dami at kalidad ng serbisyo na ipinagkakaloob at ang mga naapektuhan na populasyon.

Ang mga pagbabago sa Board Policy 163 ay kinabibilangan ng pagpapabuti at paglilinaw kung anong mga mungkahi ang maaaring isaalang-alang o hindi bilang isang "malaking" pagbabago sa serbisyo, at ano magpapasimula ng parehong pampublikong pagdinig na proseso at pagsusuri sa pagkamakatarungan sa Title VI. Sa ilalim ng balangkas na patakaran, alinman sa sumusunod na iminungkahing pagbabago sa serbisyo ay magpapasimula sa isang proseso ng pampublikong pagdinig at pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo sa Title VI:

- Isang bagong ruta ng transit
- Isang bagong serbisyo sa mga kalsada na hindi dating ginamit ng anumang ruta (hindi kasama ang mga pangunahing sangay na kalye)

- Isang pinagsamang pagbabago na 10% o higit pa ng bilang ng milya ng transit revenue o mga oras sa buong sistema
- Anumang pinagsamang pagbabago na 20% o higit ng bilang ng milya ng transit revenue o mga oras sa isa sa 4 lugar ng pagpapalano sa Distrito (West Contra Costa County, North Alameda County, Central Alameda County, South Alameda County); o
- Isang pinagsamang pagbabago na 25% o higit ng bilang ng milya ng transit revenue o mga oras ng isang indibiduwal na ruta

Ang mga sumusunod na hindi kasama ay hindi ituturing na "major" o malaki sa ilalim ng mga patakaran sa bagong balangkas:

- Ang muling pagtatalaga ng mga bilang ng ruta, o paglikha ng isang bagong ruta na "numero" mula sa mga pinagsamang ruta.
- Mga pangkaraniwang pag-iiba-iba batay sa panahon o season kung ikukumpara sa mga pagtatrabaho sa nakaraang season o panahon
- Ang mga pagbabago sa emerhensyang serbisyo ay kinakailangan dahil sa sakuna o pagbabago na nakakasagabal sa kakayahan na makapagtrabaho o tumakbo sa mga pampublikong kalye (ang BP 163 ay nagpapakita sa proseso ng pampublikong pagdinig na mula dito kapag kinakailangan)
- Ang introduksyon o paghinto sa paggawa ng panandalian o pansamantalang serbisyo ay dapat na ipatupad ng mas kaunti sa labindalawang buwan
- Hanggang 50% na pagbabago sa serbisyo sa ruta na may mas kaunti sa sampung kabuuang biyahe sa isang karaniwang araw ng serbisyo
- Ang paghinto sa pinatatakbo-ngDistrito na serbisyo na pinalitan ng ibang paraan o operator, na nagkakaloob ng parehong serbisyo na may pareho o mas magandang mga headway, pasahe, mga opsyon sa paglipat, saklaw ng serbisyo, at mga pinaglilingkuran na hintuan.

Ang isang hindi kasama na nakalista sa Policy 163 - ang pagpapanumbalik ng serbisyo na inalis dahil sa mga limitasyon sa budget - ay hindi isang pinahihintulutan na hindi makakasama para sa mga layunin ng Titulo VI. Ang staff ay patuloy na magsasagawa ng pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo para sa pagpapanumbalik ng mga serbisyo, kung ang nasabing iminungkahing mga pagbabago ay angkop sa kahulugan ng isang malaking pagbabago sa serbisyo. Dagdag pa dito, iminumungkahi ng staff ang pag-alis sa kasalukuyang hindi pagkakasali para sa mga pag-aakma sa headway na ginawa kaungay ng malaking pagbabago sa serbisyo, dahil ang mga headway ay maaari at dapat na isalang-alang sa isang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo.

Patakaran sa Hindi Makatarungang Epekto

Ang AC Transit ay kasalukuyang walang patakaran sa Hindi Makatarungang Epekto. Ang iminungkahi ng staff na balangkas na patakaran sa Hindi Makatarungang Epekto, na dapat isama sa Board Policy 551 ay nagsasaad ng:

"Kapag ang minority na populasyon o ang mga sumasakay sa kabuuan ay makakaranas ng 15% (o higit pa) na mas malaking masamang epekto kaysa pinapasan ng hindi minority na populasyon o mga sumasakay, ang nasabing mga pagbabago ay ituturing na may hindi makatarungang epekto."

Nakasaad sa FTA na ang hindi magkakaparehong epekto ay nasusukat sa pamamagitan ng paghahambing sa mga epekto ng paglilipat ng minority na populasyon kung ikumpara sa pinanapasan ng hindi minority na mga populasyon. Ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo at singilin ng Distrito sa ilalim ng Title VI ay maghahambing sa kasalukuyang serbisyo o pasahe sa mga iminungkahing pagbabago, at kukuwentahin ang ganap na pagbabago pati na rin ang pagbabago sa porsiyento. Para sa pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo, susukatin ng Distrito ang serbisyo ayon sa kasalukuyang mga pamantayan ng AC Transit tulad ng kadalasan, saklaw ng serbisyo, karga ng sasakyan, at/o layo sa mga ruta ng bus depende sa uri ng iminungkahing pagbabago sa serbisyo. Kung ang pagbabago na nakakaapekto sa populasyon ng minority o mga sumasakay ay 15% o higit pa kaysa sa pagbabago na nakakaapekto sa hindi minority na populasyon o mga sumasakay, at ang pagbabago ay may masamang epekto, ito ay matuturing na isang hindi makatarungang epekto sa ilalim nitong bagong patakaran.

Patakaran sa Mas Malaking Pasanin

Ang AC Transit ay kasalukuyang walang patakaran sa Mas Malaking Pasani. Ang iminungkahi ng staff na balangkas na patakaran sa Mas Malaking Pasanin, na dapat isama sa Board Policy 551 ay nakasaad na:

"Kapag ang minority na populasyon o ang mga sumasakay sa kabuuan ay makakaranas ng 15% (o higit pa) na mas malaking masamang epekto kaysa pinapasan ng hindi minority na populasyon o mga sumasakay, ang nasabing mga pagbabago ay ituturing na mas malaking pasanin"

Sa ilalim ng patakaran na ito ang AC Transit ay magsasagawa ng pagsusuri sa pagkamakatarungan ng Title VI sa pamamagitan ng paghahambing sa kasalukuyang serbisyo o pasahe sa mga iminungkahing pagbabago, at kukuwentahin ang ganap na pagbabago pati na rin ang pagbabago sa porsiyento. Kung ang mungkahi ay natuklasan na may mas malaking pasanin, tatasahin ng Distrito ang mga alternatibo at papagaanin ito kung kailan maaari.

Pagsubaybay sa Serbisyon Transit

Hinihiling sa circular ng FTA mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng transit na subaybayan ang pagganap ng kanilang sistema ng transit na may kaugnayan sa kanilang mga pamantayan sa serbisyo sa buong sistema at mga patakaran ng serbisyo. Para matugunan ang kahilingan na ito, ang staff ng AC Transit ay magtatasa sa pagganap ng bawat ruta ayon sa mga kahulugan sa Policy 550, "Mga Pamantayan sa Serbisyo at Pamantayan sa Disenyo," at mga pamaraan na naibalangkas sa circular ng FTA, at mag-uulat sa Board of Directors ng hindi kukulangin sa tatlong taon para matiyak na ang lahat ng mga elemento ng serbisyo ay makatarungang naipagkakaloob.

Sa mga kaso na ang serbisyo sa anumang ruta ay humigit o nabigong matugunan ang mga pamantayan o patakaran, susuriin ng Distrito kung bakit may mga kamalian, at magsasagawa ng

mga hakbang para mabawasan ang mga posibleng epekto. Kung mapagpasyahan ng staff na ang mga naunang desisyon ay nagresulta sa isang hindi makatarungang epekto batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, o hindi katimbang na kahirapan batay sa kita, magsasagawa ng pangwastong kilos ang Distrito para malutas ang mga pagkakaiba hangga't maaari, at iuulat ang mga pagsisikap na ito sa update ng programa ng Title VI. Ang repasong ito ay kasalukuyang isinasagawa para maisama sa Update ng Programa ng Title VI tuwing tatlong taon.

Outreach sa Publiko

Ang AC Transit ay hinihiling na magbigay ng paglalarawan sa proseso ng pananagutan sa publiko sa pagtatakda ng patakaran sa malaking pagbabago sa serbisyo, patakaran sa hindi makatarungang epekto, at patakaran sa mas malaking pasanin. Nilalayan ng staff na magsagawa ng paunang malawakang aktibidad ng outreach sa pampublikong pagdinig, para matiyak na ang mga populasyon na protektado sa ilalim ng Title VI at mga kautusan sa ilalim ng Hustisyang Pangkapaligiran ay may ganap at makabuluhang oportunidad na sumali sa pagbuo at pagrepaso ng mga patakaran na ito.

Ang naplanong mga aktibidad ng outreach ay kinabibilangan ng mga forum sa komunidad sa buong Distrito, mga pagpupulong sa mga organisasyon na batay sa komunidad, mga patalastas sa mga bus, mga pakete na naglalaman ng impormasyon sa parehong tradisyonal at social media na outlet. Ang impormasyon ay ibabahagi sa iba't ibang mga wika para matiyak na ang mga taong hindi masyadong sanay magsasalita ng Ingles ay makakasama sa proseso ng pagpapalano, tulad ng hiniling sa patnubay ng FTA o Limited English Proficiency.

MGA PAKINABANG/HINDI PAKINABANG:

Hinihiling mula sa Distrito na magkaroon ng mga patakaran na sumasang-ayon sa mga kahilingan ng FTA bago magsagawa ng malaking pagbabago sa serbisyo at bago isumite ang na-update nitong programa sa Title VI. Ang pakinabang ng pagsasagawa ng isang pampublikong pagdinig para maisaalang-alang ang mga pagbabago sa patakaran ay mailalagay sa tamang lugar ng Distrito para makumpleto ang update nito sa programa sa ilalim ng Title VI sa tamang oras kasabay ng pampublikong pagrepaso.

Walang mga hindi makakabuti sa pagtatakda ng isang Pampublikong Pagdinig.

PAGSUSURI SA MGA ALTERNATIBO:

Ang alternatibo sa paggawa ng mga pagbabago sa patakaran ay hindi gumawa ng mga nasabing pagbabago, gayunman, hindi inirerekomenda ng staff ang alternatibong ito dahil maaari itong maging dahilan upang ang AC Transit ay hindi makasunod sa mga pederal na regulasyon at magtungo sa posibleng kawalan ng pederal na pagpopondo para sa mga programa at aktibidad ng Distrito.

NAUNANG NAUGNAY NA KILOS/PATAKARAN NG BOARD:

Report ng Staff 13-305a – Mga Patakaran sa ilalim ng Title VI at Update sa Programa
BP 550 – Mga Pamantayan ng Serbisyo at Patakaran sa Disenyo

Num. ng Report 13-305b

Pahina 7 ng 29

BP 163 – Mga Proseso para sa Pampublikong Pagding para sa Board of Directors

BP 551 – Title VI Patakaran sa Pagrepasso sa serbisyo at Ulat sa Pagsunod

BP 501 – Patakaran sa Pakikipag-ugnayan sa Kostumer at Proseso ng Pagreklamo sa ilalim ng

Title VI para sa Alameda-Contra Costa Transit na Distrito

MGA KALAKIP:

- 1: Binagong Balangkas na Board Policy 501
- 2: Binagong Balangkas na Board Policy 551
- 3: Binagong Balangkas na Board Policy 163
- 4: Balangkas na Abiso ng Pampublikong Pagdinig

Pag-apruba ng Department Head: Dennis W. Butler, Chief Planning and Development Officer

Nirepaso nina: Robert Del Rosario, Director of Service Development

Denise Standridge, Interim General Counsel

Inihanda ni: Sally Goodman, Title VI Coordinator

AC Transit

Patakaran Blg. 501

PATAKARAN NG BOARD

Kategorya: Mga Bagay na Nauukol sa Board at Pangkalahatang Pampangasiwaan

PATAKARAN SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOSTUMER AT PROSESO NG PAGREREKLAMO SA ILALIM NG NG TITLE VI PARA SA ALAMEDA-CONTRA COSTA TRANSIT DISTRICT

LAYUNIN

Hinggil sa mga Kontak sa Kostumer, kabilang ang mga reklamo, mga ulat sa problema sa serbisyo, mga kahilingan para sa impormasyon, o mga mungkahi, patakaran ng Distrito na:

- A. Magtatag at magpanatili ng isang nasa oras at tumutugon kaagad na proseso para matugunan ang mga pangangailangan ng kostumer;
- B. Magtatag at magpanaitli ng isang sentral na proseso para sa lahat ng mga kontak sa kostumer, kasama ang mga may kaugnayan sa mga pagsasaalang-alang sa Title VI/Environmental Justice tulad nang ibinalangkas sa Board Policy 551;
- C. Tiyakin na ang lahat ng mga departamento/dibisyon na namamahala sa mga kostumer ay malapit na nakikipagtrabaho sa pagkakaloob ng impormasyon sa isa't isa sa isang nagkakaisa at nasa oras na paraan;
- D. Tiyakin na ang lahat ng mga kostumer ay binibigyan ng may-kaugnayang impormasyon hinggil sa kanilang kontak;
- E. Tiyakin na may tiwala ang kostumer sa proseso ng pagreklamo/kahilingan ng Distrito; at
- F. Magkaloob sa Distrito ng ganap at kumpletong rekord ng lahat ng mga kontak ng kostumer sa isang nasa oras na paraan para mabawasan ang dami ng mga kontak sa pamamagitan ng pagtugon sa mga paulit-ulit na problema na may kaugnayan sa parehong serbisyo at tauhan.

AC Transit

Patakaran Blg. 551

PATAKARAN NG BOARD

Kategorya: Pagbubuo ng Serbisyo

TITULO VI PATAKARAN SA PAGREPASO SA SERBISYO AT ULAT SA PAGESUNOD

I. LAYUNIN

Ang Federal Transit Administration (FTA) ay may pananagutan sa pagtiyak na ang mga tumatanggap ng pagpopondo nito ay ganap na nakakasunod sa Title VI ng Civil Rights Act of 1964, sa kanilang mga proseso ng pagpapalano at pagpapatupad. Alinsunod sa Title 49 (U.S.C. Chapter 53), tulad nang pagsusog, ang AC Transit ay ang itinalagang tatanggap ng mga pondo sa ilalim ng FTA (mga seksyon 5307 at 5309).

Ang karagdagang Pederal na gabay, na ipinagkaloob ng Executive Order 12898 at FTA Environmental Justice Circular 4703.1, ay nagdidiin sa responsibilidad ng Distrito para tiyakin na ang Environmental Justice ay kasama sa misyon ng Distrito na makapagkaloob ng ligtas, maginhawa, magalang at maaasahang serbisyo ng transit para sa kalakhan ng East Bay. Ang karagdagang Pederal na gabay na ipinagkaloob sa Executive Order 13166 ay nagpapalakas sa Civil Rights Act na kautusan sa pamamagitan ng pagtatatadhana na ang taong may limitadong kasanayan sa Ingles, ay dapat magkaroon ng makabuluhang paraang makagamit ng mga programa at aktibidad na tumatanggap ng mga pederal na pondo.

Bilang ang itinalagang tagatanggap ng pederal na pondo, ang AC Transit District ay naghahanda ng isang tuwing tatlong taon na Ulat ng Pinakabago sa Title VI na alinsunod sa FTA Circular 4702.1B na may petsang Oktubre 1 2012, na nagtatasa sa pagsunod ng Distrito, ng mga tumatanggap mula dito, at mga kontratista sa Civil Rights Act of 1964 at ang mga executive order.

Dapat ring tiyakin ng Distrito na may pagsasaalang-alang sa Title VI tuwing may pagbabago sa mga pasahe o serbisyo na makakaapekto sa minority o mababang kita na mga komunidad. Lalo na, ang AC Transit ay dapat magpasya sa malalaking pagbabago sa serbisyo na may kaugnayan sa mga oras o araw ng operasyon, mga headway o pasahe, atbp., at magkaloob ng pagsusuri sa epekto ng nasabing mga pagbabago sa minority at mga mababang kita na komunidad. Ang patakaran na ito ay nagkaloob ng pagpapaliwanag sa nasabing pagrepaso sa serbisyo.

Ang Title VI Circular ay nag-aatas sa FTA AC Transit na bantayan ang apat na mga pamantayan ng serbisyo at dalawang patakaran ng serbisyo para sa mga pirmihang-ruta na na paraan nito. Nag-aatas ang FTA na ang mga patakaran at pamantayan na ito ay subaybayan para sa hindi magkakaparehong epekto at hindi magkatimbang na mga epekto ng hirap; ang mga resulta ng pagsubaybay na ito ay iuulat sa Board para sa pagsasaalang-alang, kamalayan at pag-apruba sa mga resulta ng pagbabantay.

Kinikilala ng circular ng FTA ang mga paraan sa pagbibigay-alam sa publiko ang tungkol sa kanilang mga karapatan para magsampa ng Title VI na reklamo at ang mga pamamaraan ng Distrito sa pagtugon sa nasabing mga reklamo.

II. UPDATE NG TITLE VI TUWING TATLONG TAON

Tuwing tatlong taon, kukumpletuhin ng Distrito ang isang Title VI na Update tuwing Tatlong Taon na alinsunod sa mga patnubay ng FTA. Ang update na ito tuwing tatlong taon ay nagtatasa sa pagsunod sa ilang mga isyu ng Distrito, ang mga tumatanggap mula dito, at ang mga kontratista, tulad nang tiniyak sa Circular ng FTA na may petsang Oktubre 1 2012.

III. PAGSUSURI SA SERBISYO AT PAGKAMAKATARUNGAN NG PASAHE NG TITLE VI

Ang AC Transit ay magsasagawa ng isang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng pasaje para sa lahat ng mga mungkahing pagbabago sa pasaje anumang ang halaga na itataas o ibababa ito, na may mga sumusunod na hindi kasali:

- Ang "Spare the air days" (Mga araw ng pagliligtas sa hangin) o iba pang mga pangyayari kapag ang munisipyo o ahensya ng transit ay nagdeklara na ang lahat ng mga pasahero ay sasakay nang libre;
- Ang mga pansamantalang pagbabawas bilang mga hakbang ng pagpapagaan sa iba pang mga nagawa o nangyari; o
- Ang para sa promo o pansamantalang pagbabawas sa pasaje na tumatagal ng anim na buwan o mas kaunti.

Ang Distrito ay magsasagawa ng Title VI na pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo kapag may malaking pagbabago sa serbisyo, tulad nang nilinaw sa ibaba. Ang Distrito ay magsasagawa rin ng isang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo para sa mga pagbabago na, kapag naisaalang-alang bilang magkakasama sa loob ng panahon na tatlong taon, ay nakakatugon sa limitasyon sa malaking pagbabago ng serbisyo. Bilang karagdagan, maaaring hilingin ng Board ang karagdagang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo para sa pagsasaalang-alang ng mga pagbabago na sa tingin nito ay angkop. Para sa malalaking pagbabago sa serbisyo, ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo ng Title VI ay magtatasa sa dami at kalidad ng serbisyo na ipinagkakaloob at ang mga naapektuhan na populasyon.

Ang lahat ng mga pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo at singilin ay ipapakita sa Board of Directors para maaprubahan at isasama sa update tuwing Tatlong Taon ng Title VI.

A. PATAKARAN SA MALAKING PAGBABAGO SA SERBISYO

Magaganap ang isang pagsusuri sa Titolo VI tuwing may malaking pagbabago sa pagbibigay ng serbisyo. Ang mga pagbabago sa serbisyo na sakop ng patakaran na ito ay iyong mga naipahiwatig bilang "Malalaking Pag-aakma sa Serbisyo ng Transit" sa ilalim ng Board Policy 163 ("Mga Proseso ng Pamublikong pagdinig para sa Board of Directors") Ang malaking pagbabago sa serbisyo ay karaniwang iyong bumubuo sa isang malaking pinagsamang pagbabago sa mga milya ng ruta o oras, at maaaring kabilang ag mga muling pag-aayos sa ruta ng buong sistema, mga pagbabago sa kadalasan, o pagdadagdag o pag-aalis sa serbisyo. Para sa mga nasabing malaking pagbabago sa serbisyo, ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo ng Title VI ay magtatasa sa dami at kalidad ng serbisyo na ipinagkakaloob at ang mga naapektuhan na populasyon.

Ang isang hindi kasama na nakalista sa Policy 163 - ang pagpapanumbalik ng serbisyo na inalis dahil sa mga limitasyon sa budget - ay hindi isang ipinahihintulot na hindi makakasama para sa mga layunin ng Titulo VI. Ang staff ay patuloy na magsasagawa ng pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo para sa pagpapanumbalik ng mga serbisyo, kung ang nasabing iminungkahing pagbabago ay angkop sa kahulugan ng isang malaking pagbabago sa serbisyo.

B. PATAKARAN SA HINDI MAKATARUNGANG EPEKTO

Tulad nang ipinaliwanag sa Circular ng FTA:

Ang hindi makatarungang epekto ay tumutukoy sa ' facially neutral ' na patakaran o pamamalakad na nakakaapekto sa hindi makatarungang paraan sa mga miyembro ng isang grupo na kinilala ayon sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, kung saan ang patakaran sa tumatanggap o ang pamamalakad nito ay kulang sa mahalagang lehitimong pangangatwiran at kung saan may isa o higit pang mga alternatibo na maglilingkod sa parehong lehitimong mga layunin pero may mas maliit na hindi makatarungang epekto batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa [...] Ang patakaran ay magtatatag ng isang limitasyon sa pagtitiyak kapag ang masasamang epekto ng mga pagbabago sa pasahe/serbisyo ay mas pinapasan ngi ng minority na populasyon

Ang panukatan ng hindi makatarungang epekto ay kinasasangkutan ng isang paghahambing sa mga epekto na pinapasan ng minority na populasyon kung ikumpara sa pinapasan ng hindi minority na mga populasyon. Para sa isang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng pangunahing serbisyo, susukatin ng Distrito ang serbisyo ayon sa kasalukuyang mga pamantayan ng AC Transit para sa kadalasan, saklaw ng serbisyo, at/o layo sa mga ruta ng bus. Ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng Title VI ay maghahambing sa kasalukuyang serbisyo o mga pasahe sa mga iminungkahing pagbabago, at kukuwentahin ang ganap na pagbabago pati na rin ang pagbabago sa porsiyento. Kapag ang minority na populasyon o ang mga sumasakay sa kabuuan ay makakaranas ng 15% (o higit pa) na mas malaking masamang epekto kaysa pinapasan ng hindi minority na populasyon o mga sumasakay, ang nasabing mga pagbabago ay ituturing na may hindi makatarungang epekto.

C. PATAKARAN SA HINDI MAS MALAKING PASANIN

Tulad nang ipinaliwanag sa Circular ng FTA:

Ang hindi magkakaraparehong pasanin ay tumutukoy sa isang 'facially neutral' na patakaran o pamamalakad na hindi magkakaraparehong nakakaapekto sa mababang kita na mga populasyon ng higit kaysa sa hindi mababang kita na mga populasyon. Ang pagkakatuklas ng mas malaking pasanin ay hihiling sa tumatanggap na tayahin ang mga alternatibo at papagaanin kung kailan praktikal at kailangan.

Ang mga mababang kita na populasyon ay hindi protektadong klase sa ilalim ng Title VI. Gayunman ang pagkikilala sa likas na pagpapatong-patong ng mga prinsipyo ng hustisyang pangkapaligiran sa lugar na ito, at dahil mahalagang tayahin ang mga epekto ng serbisyo at mga pagbabago sa pasahe ng mga pasahero na umaasa sa transit, nag-aatas ang FTA sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng transit na tayahin ang iminungkahing serbisyo at mga pagbabago sa pasahe para matiyak kung ang mababa ang kita na populasyon ay makakaya ang mas malaking pasanin na dulot ng mga pagbabago.

Ang AC Transit ay magsasagawa ng pagsusuri sa pagkamakatarungan ng Title VI sa pamamagitan ng paghahambing sa kasalukuyang serbisyo o mga pasahe sa mga iminungkahing pagbabago, at kukuwentahin ang ganap na pagbabago pati na rin ang pagbabago sa porsiyento. Kapag ang proporsyon ng mababang kita na mga populasyon o sumasakay bilang kabuuan, ay masamang naapektuhan ng mga mungkahi na 15% (o higit pa) kaysa sa proporsyon ng hindi mababa Ang kita na mga populasyon o sumasakay na masamang naapektuhan, ang nasabing mga pagbabago ay iituturing na na may mas malaking pasanin..

D. PAGPAPAGAAN SA MGA EPEKTO

Kung natuklasan ng Distrito na ang mga mungkahi ng serbisyo o pasahe ay magreresulta sa mga hindi makatarungang epekto sa mga minority na komunidad, kailangang kilalanin ng Distrito ang mga alternatibo sa mungkahi na makakapaglingkod sa parehong lehitimong layunin na may mas kaunting hindi makatarungang epekto. Kung walang hindi masyadong nagtatanging alternatibo at ang AC Transit ay may mahalagang lehitimong pangangatwiran na hindi matatamo sa ibang paraan, kikilalanin ng AC Transit ang lahat ng mga hakbang para mapagaan ang mga negatibong epektong dulot ng mga pagbabago.

Kung matuklasan ng Distrito na ang mga mungkahi ng serbisyo o pasahe ay magreresulta sa hindi mas malaking pasanin sa mga mababa ang kita na komunidad, kikilalanin ng Distrito ang mga alternatibo na magagamit ng mga apektadong mababa ang kita na sumasakay at gagawa ng mga hakbang para maiwasan, pakauntiin, o pagaanin ang mga epekto kung kailan o saan maaari.

IV. PAGSUBAYBAY SA SERBISYO NG TRANSIT

Ang AC Transit ay inaatasan na subaybayan ang pagganap ng sistema nito na may kaugnayan sa mga pamantayan sa serbisyo sa buong sistema at mga patakaran ng serbisyo. Tatasahin ng staff ng AC Transit ang pagganap sa bawat ruta ayon sa mga kahulugan at paraan na inilarawan sa Circular ng FTA, at magbibigay sa Board of Directors ng isang pagtasa sa pagganap ng ruta sa loob ng mga kategorya ng serbisyo ng hindi mas madalang kaysa tuwing tatlong taon. Ang ulat ay ipapakita sa Board para marepaso at maaprubahan, at isasama sa programa ng Title VI tuwing tatlong taon.

Sa mga kaso na ang naobserbahan na serbisyo sa anumang ruta ay humigit o nabigong makatugon sa mga pamantayan o patakaran, depende sa metric na nasukat, susuriin ng Distrito kung bakit may mga kamalian, at magsasagawa ng mga hakbang para mabawasan ang mga posibleng epekto. Kung mapagpasyahan ng staff na ang mga naunang desisyon ay nagresulta sa isang hindi makatarungang epekto batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, o mas malaking pasanin batay sa kita, magsasagawa ng pangwastong kilos ang Distrito para malutas ang mga pagkakaiba hangga't maaari, at iuulat ang mga pagsisikap na ito sa update ng programa ng Title VI.

V. PROSESO NG PAGREKLAMO SA TITLE VI

Seryosong tatanggapin ng Distrito ang anumang reklamo sa paglabag sa Title VI at kikilos kaagad para kilalanin, lutasin o ayusin ang anumang hindi nakilalang isyu. Dagdag pa dito, bilang bahagi ng layunin ng Distrito na isama ang hustisyang pangkapaligiran sa misyon nito at mga patuloy na aktibidad, kahit na ang mga mababang kita na populasyon ay hindi napoprotektahan na klase sa ilalim ng Title VI, nilalayon ng Distrito na makatanggap ng mga reklamo na may kinalaman sa mababang kita na katayuan sa pamamagitan ng proseso ng pagreklamo ng Title VI.

A. Komunikasyon sa Claimant

Layunin ng AC Transit na makipag-ugnayan sa claimant sa buong proseso ng pagrepaso ng Title VI, anuman ang kinalabasan ng imbestigasyon.

B. Paglalagay ng Abiso ng Reklamo sa Title VI

Ang mga sumusunod na abiso ay ilalagay sa loob ng mga bus, sa mga pampublikong ticket office at sa mga pampublikong meeting room (tulad ng AC Transit Board Room), at sa website ng AC Transit, sa wikang Ingles, Espanyol at Chinese:

Ang AC Transit ay may nangangakong tiyakin na walang hindi isasali o tatanggihan ng mga benepisyo para sa mga serbisyo nito batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, tulad nang pagbibigay ng proteksyon ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, ayon sa pagsusog ("Title VI"). Kung kayo ay naniniwala na kayo ay sumailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng Title VI, maaari kayong magsampa ng nakasulat na reklamo. Mangyaring kumpletuhin ang online form at ipadala ang inyong reklamo sa: AC Transit, Title VI Coordinator, 1600 Franklin Street, Oakland, CA 94612. (510) 891-5470. Para sa online form, magpunta sa www.actransit.org/customer/contact-us/

C. Pagtanggap ng Reklamo

May iba't ibang paraan na natatanggap ang mga reklamo ng Title VI:

- Koreo—Sa loob ng mga bus at website ng AC Transit ay kasalukuyang nakalista ang mga tagubilin sa pagsasampa ng reklamo sa Title VI na nakasaad ang address sa pagsusumite ng claim sa Title VI. Ang form para sa reklamo ay makukuha sa Ingles, Espanyol at Chinese.

- Email o Telepono —Ang mga indibidwal ay maaaring magrehistro ng reklamo sa Title VI sa pamamagitan ng webpage ng AC Transit para sa feedback ng kustomer, na ipinapasa ang bagay na ito sa departamento ng Title VI Compliance Review para sa pagrepaso sa ilalim ng Title VI. Ang mga indibidwal ay maaari ring magsagawa ng reklamo sa pamamagitan ng telepono.

D. Pagrerepaso sa Reklamo

Ang isang reklamo ay dapat na isampa sa loob ng 180 araw na batay sa kalendaryo makalipas ang petsa na pinaniniwalaan ng claimant na naganap ang diskriminasyon. Sa sandaling matanggap ang reklamo, nirerepaso ng Title VI Coordinator ang isyu para malaman kung ito ay dapat ikabahala sa ilalim ng Title VI (iyon ay may kaugnayan sa hindi pagsali pero dapat na maging bahagi sa ,o pagtangga sa mga benepisyo, mga serbisyo batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, o katayuan ng mababang kita). Ang lahat ng mga file ng Reklamo sa Title VI ay pinananatili ng hindi kukulangin sag 10 taon.

Kung ang claim ay walang kaugnayan sa Title VI, pero sa ibang mga isyu, ipinapasa ng Title VI Coordinator ang reklamo sa naaangkop na departamento para malutas at nagpapadala ng liham sa claimant na nagpapaliwanag sa proseso, nagbibigay ng kopya sa Legal Department para maitabi ito sa kanilang mga file. Ang mga departamento na may responsabilidad sa paglutas ng claim ay may pananagutan sa pag-iimbestiga sa isyu at sumagot sa claimant.

Sa pagpapasya na may isyu ang claim sa ilalim ng Title VI, magsasagawa ng imbestigasyon sa ilalim ng Title VI. Ang Title VI Coordinator ay magpapadala ng sulat sa indibidwal para sabihin sa claimant na ang AC Transit ay magsasagawa ng isang imbestigasyon sa claim, nagbibigay ng kopya sa Legal Department para sa mga file nito at tulong.

E. Pag-imbestiga sa mga claim sa ilalim ng Title VI

Rerepasuhin ng staff ang reklamo para malaman kung ito ay may mga isyu sa Title VI, gamit ang patnubay ng Federal Transit Administration. Tatapusin ng staff ang kanilang pagrepaso nang hindi hihigit sa 60 araw na batay sa kalendaryo makalipas ang petsa na natanggap ng AC Transit ang reklamo. Kung kailangan ng mas maraming panahon, ipagbibigay-alam ng Title VI Coordinator sa claimant ang tinatantiyang takdang panahon upang makumpleto ang pagrepaso.

Kung matuklasan na mayroon o nagkaroon ng isang paglabag sa ilalim ng Title VI, kikilalanin kaagad ng staff ang agad na paglutas para maisaalang-alang ng General Manager at/o Board of Directors. Ang AC Transit ay magpapadala ng sulat sa claimant na nakasaad ang kinalabasan ng imbestigasyon. Kung mayroong naging paglabag, papayuhan ang claimant ng anumang kilos ng paglutas na iminumungkahi o isinasagawa. Dagdag pa rito, ang (mga) staff review officer ay maaaring magrekomenda

ng mga pagpapahusay sa mga proseso ng AC Transit na may kaugnayan sa Title VI at hustisyang pangkapaligiran, kung naaangkop. Sa salungat, kung ang claim ay hindi balido, mali, o hindi nagpapakita ng paglabag sa Title VI, ang Title VI Coordinator ay magpapadala ng sulat sa claimant tungkol sa kanilang mga nalaman.

F. Kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang

Kung hindi sumang-ayon ang claimant sa sagot ng Operations Manager, maaari silang humiling ng muling pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na kahilingan sa General Manager sa loob ng 10 araw na batay sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang sagot. Ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ay dapat na may sapat na detalye ng anumang mga bagay na, sa palagay ng claimant, ay hindi ganap na naunawaan ng Title VI Coordinator at/o iba pang staff na nagrerepaso ng claim. Ipagbibigay-alam ng General Manager sa claimant ang desisyon na tanggapin o tanggihan ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang sa loob ng 10 araw na batay sa kalendaryo. Sa mga kaso na sumang-ayon ang General Manger sa muling pagsasaalang-alang, ang paksa ay dapat bumalik sa Title VI Coordinator para muling tayahin.

G. Pagsusumite ng Reklamo sa Federal Transit Administration

Ang claimant ay maaari rin magreklamo nang direkta sa Federal Transit Administration sa FTA Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590 sa loob ng 180 araw pagkatapos ng paratang na diskriminasyon.

AC Transit

Patakaran Blg. 163

PATAKARAN NG BOARD

Kategorya:

PROSESO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA SA BOARD OF DIRECTORS

I. LAYUNIN

Ang proseso ng pampublikong pagdinig ay isang paraan na ginagamit ng Board of Directors at ng Distrito para sa paghingi at pagtanggap ng mga komento ng publiko tungkol sa mga desisyon na nakakaapekto sa mga residente at mga sumasakay ng AC Transit District. Sa pagpapatupad ng patakaran na ito, nilalayon ng Board of Directors na hikayatin ang pagtanggap ng mga komento ng publiko upang ang impormasyong natanggap ay maaaring maisaalang-alang bilang bahagi ng proseso ng pagdedesisyon. Ang mga tadhana ng patakaran na ito ay idadagdag sa mga pamamaraan na itinatag sa Seksyon 6.8 ng Board Policy No. 100, Rules for Procedure (Mga Tuntunin sa Pamamaraan).

II. MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Ang Mga Pampublikong Pagdinig ay itatakda ng Board of Directors para maisaalang-alang ang mga paksang nakalista sa ibaba. Dagdag pa dito, kung sa tingin ng Board ay angkop, maaari nitong itakda ang mga karagdagang pampublikong pagdinig para maisaalang-alang ang mga paksang hindi nakalista sa ibaba.

1. MGA PASAHE

Sa MGA PASAHE ay dapat kabilang ang anumang pagtaas sa mga singil at fee na tinasa para gamitin saserbisyo ng pampublikong transit ng Distrito kasama ang mga pasahe na cash, ang mga pasahe na ticket, pasahe na passes, mga pasahe sa paglipat, o mga pagbabago sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa mga kategorya ng pasahe. Ang binawasan ng halaga o promo na pag-aakma sa pasahe ay hindi dapat sumailalim sa mga pampublikong pagdinig. Ang "Mga promo na pasahe" ay dapat na kinabibilangan ng mga pagbabago sa balangkas ng pasahe na itinatag nang panandalian para sa tiyak na layunin ng pagtataguyod sa serbisyo at paghihikayat para maparami ang mga sumasakay.

2. MGA PANGUNAHING PAG-AAKMA SA SERBISYO NG TRANSIT

SA MGA PANGUNAHING PAGBABAGO SA SERBISYO NG TRANSIT ay kabilang ang:

- (a) Isang bagong ruta ng transit; o
- (b) Bagong serbisyo sa mga kalye (hindi kasama ang mga pangunahing sumasangay na kalsada at mga kalsada na nakatalaga bilang ruta ng truck) na hindi dating ginamit sa anumang ruta; o
- (c) Anumang pinagsamang pagbabago na 10 porsiyento o higit pa ng bilang ng milya ng transit revenue o mga oras sa buong sistema; o
- (d) Anumang pinagsamang pagbabago na 20 porsiyento o higit pa ng bilang ng milya ng transit revenue o mga oras sa isa sa 4 na **lugar ng pagpapalano** sa Distrito (West Contra Costa County, North Alameda County, Central Alameda County, South Alameda County); o
- (e) Anumang pinagsamang pagbabago na 25 porsiyento o higit pa ng bilang ng oras ng sasakyan ng transit revenue o mga milya ng ruta na nakuwenta araw-araw para sa isang partikular na araw ng linggo kung saan iminungkahi ang pagbabago.
- (f) MGA HINDI KASAMA: Kabilang sa mga hindi kasama sa mga pangunahing pag-aakma sa serbisyo ng transit ang:

- Isang muling pagtatalaga sa numero ng ruta na nagresulta sa pagsasama-sama ng mga kasalukuyang ruta, na magresulta sa paglilikha ng isang bagong "numero" ng ruta
- Pangkaraniwan pag-iiba-iba batay sa season, maliban kung ang pag-iiba-iba, kumpara sa mga operasyon sa nakaraang season, ay umaayon sa mga paglilinaw ng mga pangunahing pag-aakma sa serbisyo ng transt na nakalista sa itaas
- Mga pagbabago sa emerhensyang serbisyo, kasama ang mga pagbabago sa mga ruta o kadalasan ng paglilingkod na maaaring kinakailangan dahil sa isang sakuna na lubusang nakakasama sa kalusugan o kaligtasan ng publiko, mga pagbabago sa paggamit sa mga pampublikong kalsada, o ang kakayahan ng kagamitan ng Distrito na makabiyahе sa mga pampublikong kalsada. Ang mga pagbabago sa emerhensyang serbisyo ay maaaring ipatupad kaagad nang walang pampublikong pagdinig sa kondisyon na may natuklasan na kumikilala sa mga pangyayari kung saan ang pagbabago ay ginagawa ng General Manager at may isasagawang kasunod na pampublikong pagdinig kung ang pagbabago ay mananatiling may bisa nang higit sa 180 araw.
- Pagbabalik ng serbisyo na inalis nitong huling sampung taon dahil sa mga limitasyon sa budget, sa kondisyon na ang serbisyo ay dumadaan sa parehong ruta tulad noong bago ito inalis, na sumasailalim sa kaunting mga pag-iiba ng ruta na hindi humihigit sa pangunahing pag-aakma ng mga iniaatas sa serbisyo ng transit sa itaas
- Ang introduksyon o paghinto sa panandalian o pansamantalang serbisyo na magkakabisa/may-bisa na sa mas mababa kaysa labindalawang buwan
- Mga pagbabago sa serbisyo sa ruta na may mas kaunti kaysa sampung kabuuang biyahe sa isang karaniwang araw ng serbisyo
- Paghinto sa pinatatakbo-ng-Distrito na serbisyo na pinalitan ng ibang paraan o operator, na nagkaloob ng parehong serbisyo na may pareho o mas magandang mga headway, pasahe, mga opsyon sa paglipat, saklaw ng serbisyo, at mga pinaglilingkuran na hintuan.

3. MGA PAGSUSURI NG EPEKTO SA KAPALIGIRAN

ANG MGA ULAT NG EPEKTO SA KAPALIGIRAN o Mga Negatibong Pahayag na inaatias ng California Environmental Quality Act, State Implementing Guidelines o Board Policy No. 512.

4. IBA PANG MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

ANG IBA PANG MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG ay dapat isagawa tulad nang maaaring iatasng pederal o pang-estado na mga batas o regulasyon, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga pampublikong pagdinig na iniaatas bago ang pagsusumite ng mga application sa FTA grant. (Tandaan:

Hindi iniaatas ang mga pampublikong pagdinig ng Distrito para sa mga application sa grant ng Distrito kapag ang nasabing mga grant ay bahagi ng pangrehiyong proseso sa application sa grant at ang mga pampublikong pagdinig ay pinag-uugnay at isinasagawa ng Metropolitan Commission o ibang panrehiyong ahensya o operator.)

III. PAGTATATAG AT ABISO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

1. AWTORIDAD NG BOARD NA MAGTAKDA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Para makapagkaloob ng sapat na abiso sa mga darating na pagdinig, ang Board of Directors ay magtatalaga ng oras at lugar ng mga pampublikong pagdinig hindi kukulangin sa 28 araw bago ang iminungkahing petsa ng pagdinig, maliban kung iniaatas ng batas ang mas maraming abiso. Maliban kung iba ang iniaatas ng batas, ang Board ay maaaring magkaloob ng mga menor na pagbabago sa 20-araw na paunang abiso na mga iniaatas sa mga nasabing situwasyon kapag may natuklasan na ang nasabing pagbabago ay hindi magpapahina sa pagpapatupad ng mga pamamaraan sa pampublikong abiso na nakabalangkas sa ibaba.

2. LEGAL NA PAGLALATHALA NG ABISO

Sa sandaling nagpasya na ang Board na magsagawa ng isang pampublikong pagdinig, ang abiso sa pampublikong pagdinig ay ihahanda na kinabibilangan ng isang pangkalahatang paglalarawan sa paksa ng pampublikong pagdinig at ang petsa, oras at lokasyon ng pampublikong pagdinig.

Ang mga abiso ay ilalathala ng isang beses sa isang linggo sa loob ng dalawang magkasunod na linggo sa isang dyaryo na may pangkalahatang sirkulasyon sa loob ng

Distrito. Maliban kung iba ang nakasaad sa subsection 3 ng seksyong ito, ang unang paglalathala ay magaganap ng hindi mas kaunti kaysa 14 na araw bago ang petsa ng pampublikong pagdinig. Ang ikalawang paglalathala ay magaganap ng hindi mas kaunti kaysa 7 araw bago ang pampublikong pagdinig pero hindi mas kaunti kaysa 5 araw pagkatapos ng unang paglalathala.

3. MGA ESPESYAL NA TADHANA HINGGIL SA MGA BAGAY NA MAY KINALAMAN SA KAPALIGIRAN

Sa kaso ng mga pampublikong pagdinig na may kaugnayan sa mga negatibong pahayag o mga ulat ng epekto sa kapaligiran, maaaring gamitin ang pinalawak na legal na abiso o panahon ng pagrerepaso at komento ng publiko. Sa nasabing mga situwasyon, ang General Counsel ay magrerepaso at magpapasya sa karagdagang pampublikong komento at mga panahon ng abiso na maaaring iatas ng batas o regulasyon ng Estado o Pederal na pamahalaan o Board Policy No. 512

4. IBA PANG MGA ABISO

Ang mga abiso ng pampublikong pagdinig ay ipapadala sa mga konseho ng lungsod, mga board of supervisors o mga distrito ng paaralan na namamahala sa mga lugar na apektado ng paksang pinag-uusapan sa pampublikong pagdinig o iba pang mga pampublikong ahensya tulad nang tiniyak ng General Manager.

Bilang karagdagan sa mga nasa itaas na mga legal na abiso, ang General Manager o ang Board ay maaaring mag-utos ng distribusyon ng karagdagang mga abiso para mapahusay ang kamalayan ng publiko sa iminungkahing pampublikong pagdinig. Ang mga abisong ito ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- (a) Mga paglalathala sa mga dyaryo na nakatuon sa mga partikular na grupo o neighborhood na maaaring maapektuhan ng paksa ng pampublikong pagdinig;
- (b) Direktang abiso sa pamamagitan ng koreo sa neighborhood na maaaring maapektuhan ng paksa ng pampublikong pagdinig;
- (c) Mga karatula at/o flier na naglalaman ng impormasyon na nakalagay sa mga bus at/o bus stop pole sa mga naapektuhang ruta ayon sa naaangkop na situwasyon;

- (d) Mga press release sa mga dyaryo sa lugar ng mga naapektuhang lugar; at/o
- (e) Mga ipinapakitang patalastas sa (mga) lokal na dyaryo sa mga naapektuhang lugar.

IV. PAGSASAGAWA NG MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

1. MGA PAMAMARAAN SA PAGDINIG

Ang mga pampublikong pagdinig ay isasagawa sa isang regular, napagpaliban na regular o espesyal na pagpupulong ng Board of Directors. Ang mga pagdinig ay maaaring makabilang ang, pero hindi limitado sa:

- (a) Pagpapahayag ng layunin ng pagdinig.
- (b) Sa pagpapasya ng Board President, introduksyon ng Mga Director at iba pang Mga Opisyal at Staff ng Distrito na naroroon.
- (c) Isang introduksyon ng Board President, ng General Manager, o ng itinalaga ng General Manager, sa paksang isinasaalang-alang sa pampublikong pagdinig.
- (d) Pagtanggap ng mga komento ng publiko. (Ang mga komento ay karaniwang sumusunod sa isang pahayag na ang mga speaker form ay dapat na makumpleto ng bawat speaker para ang bawat indibidwal ay makilala sa isang maayos na paraan. Ang paglalaan ng oras sa bawat speaker ay dapat na alinsunod sa mga limitasyon sa oras na naitatag sa ilalim ng Board Policy No.100, Rules for Procedures.)
- (e) Kasunod ng pagtanggap ng sinasabi at/o nakasulat na mga komento, ang pampublikong pagdinig ay isasara. Kung piliin ng Board na hindi kumilos kaagad kasunod ng pagsasara ng pampublikong pagdinig, ipapahayag ng Board President ang oras at petsa kung saan susunod na isasaalang-alang ng Board ang desisyon. Kung gaano kabilis makakapagdesisyon ang Board makalipas ang pagsasara ng pampublikong pagdinig ay nasa pagpapasya ng Board, maliban kung may Pang-estado o

- (f) Pederal na batas o regulasyon o patakaran ng Board na nag-aatas ng desisyon sa loob ng isang tiyak na panahon.

- (g) Bago ang pag-uumpisa ng pampublikong pagdinig o bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig, ang Board of Directors ay maaaring, sa pamamagitan ng isang panukala, ipagpatuloy ang isang pampublikong pagdinig sa isang tiyak na panahon, petsa at lugar. Sa sandaling magagawa makalipas ang pagkilos ng Board na magpatuloy sa paksa, pero hindi higit sa 24 oras makalipas ang kilos na iyon, isang abiso ng pagpapatuloy ang ilalagay sa District General Offices sa isang lokasyon na malayang mapupuntahan ng publiko.

2. KAWALAN NG MGA MIYEMBRO NG BOARD SA ISANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG:

Kung may sinumang (mga) miyembro ng Board o quorum ng Board na hindi dumating mula sa anumang pampublikong pagdinig, ang pampublikong pagdinig ay maaaring magpatuloy at ang kopya ng buod ng District Secretary ng pagdinig (kapag ang tala ng mga naganap sa pagpupulong ay hindi maihanda at aprubahan sa oras para sa pagpupulong kapag ang paksang pinag-uusapan sa pampublikong pagdinig ay isasaalang-alang), ang mga naaprubahang tala ng mga naganap sa pagpupulong, o ang audio recording ng nasabing pagdinig ay ipagkakaloob sa hindi nagpunting (mga) miyembro ng Board bago ang botohan ng (mga) desisyon na nagreresulta sa pampublikong pagdinig. Ang bawat miyembro ng Board na hindi dumalo ay magpapahayag sa rekord na nirepaso niya ang buod ng District Secretary sa pagdinig, ang mga naaprubahang tala ng pagpupulong o pinakinggan ang audio tape bago makibahagi sa (mga) pagdedesisyon.

3. MGA NAKASULAT NA KOMENTO:

Bilan karagdagan sa mga sinasabing komento, ang mga nakasulat na komento ay tatanggapin bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig. Ang mga kopya ng lahat ng nakasulat na komento ay dapat ibigay, o basahin, sa lahat ng mga miyembro ng Board bago sila magdesisyon sa paksang pinag-uusapan, kasama ang (mga) miyembro ng Board na wala doon sa pampublikong pagdinig.

4. REKORD NG PAGDINIG:

Tulad ng itinatadhana sa Seksyon 6.15 ng Board Policy No. 100, Rules for Procedure, ang mga tala ng mga naganap sa pagpupulong ng Board of Directors ay bumubuo sa rekord ng pampublikong pagdinig. Ang mga audio recording ng nasabing mga pampublikong pagdinig ay itatabi ayon sa nakasaad na Patakaran ng Board. Magkaloob ng serbisyo ng Court reporter sa kautusan ng Board of Directors o kung hilingin ng District Secretary, General Manager, o General Counsel.

ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Alameda-Contra Costa Transit District

Pagsasaalang-alang sa mga pagbabago sa Patakaran ng Board para Makatugon sa Title VI (Civil Rights Act) at Mga Kautusan sa ilalim ng Hustisyang Pangkapaligiran

*Ang abiso ay ibinibigay na ang AC Transit Board of Directors ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa **Miyerkules, Hunyo 11, 2014, sa 5:00 p.m.** sa AC Transit General Offices, Second Floor Board Room, 1600 Franklin Street, Oakland, California, para makatanggap ng pampublikong komento sa mga mungkahing pagbabago sa Board Policies 163 (Mga Proseso ng Pampublikong Pagdinig para sa Board of Directors), 501 (Patakaran sa Pakikipag-ugnayan sa Kostumer at Proseso ng Pagreklamo sa ilalim ng Title VI para sa Alameda-Contra Costa Transit District), at 551 (Title VI Pagrepaso sa Serbisyo at Patakaran sa Pagsunod), tulad nang mas detalyadong inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng **“PAGLALARAWAN SA PROYEKTO.”***

Ang iminungkahing mga pagbabago ay detalyadong nakasulat sa website ng AC Transit sa www.actransit.org, at makukuha sa naka-print na format sa General Offices ng Distrito, na matatagpuan sa 1600 Franklin Street, Oakland, California, at sa iba't ibang mga lokasyon, kasama na ang pangunahing county at mga tanggapan sa lungsod at pati na rin ang mga pangunahing aklatan na matatagpuan sa loob ng lugar na pinaglilingkuran ng Distrito. Para sa karagdagang impormasyon sa mga eksaktong lokasyon kung saan makukuha ang mga dokumento sa inyong tiyak na lugar, mangyaring tumawag sa (510) 891-7175.

PAGLALARAWAN SA PROYEKTO:

Ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 ay nagbabawal sa diskriminasyon, sadya man o hindi, batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa na may kaugnayan sa hindi pagsali sa pagiging bahagi ng, o pagtangi sa mga benepisyo ng, anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng mga pederal na pondo. Ang Executive Order 12898 na ipinalabas noong 1994, ay nagpapatibay sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 sa pamamagitan ng pagsasabing ang hustisyang pangkapaligiran ay isang bahagi ng misyon ng bawat pederal na ahensya at programa na

pederal napinopondohan; at ang Executive Order 13166, na ipinalabas noong 2000, ay higit na nagpapatibay sa Title VI sa pamamagitan ng pagsasabing ang mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles ay dapat na may makabuluhang daan sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng mga pederal na pondo.

Ang mga Board Policy 163, 501, at 551 ay naglalarawan sa mga pamamaraan na ginagamit ng AC Transit para sumunod sa mga pananagutan nito sa karapatang sibil at hustisyang pangkapaligiran na kautusan na itinakda sa mga regulasyon na ito. Ang iminungkahing mga pagbabago sa mga patakarang ito ay magdadala sa kanila ng kasalukuyang iniaatas ng Federal Transit Administration na may kaugnayan sa karapatang sibil at hustisyang pangkapaligiran, at may buod na ayon sa mga sumusunod:

BP501 – Patakarang sa Pakikipag-ugnayan sa Kostumer: Mga hakbang na may kaugnayan sa wika sa proseso ng pagreklamo sa ilalim ng Title VI sa BP 551.

BP163 – Mga Proseso ng Pampublikong Pagdinig: Nililinaw ang iminungkahing mga pagbabago sa serbisyo na magpapasimula sa pangangailangan ng proseso ng pampublikong pagdinig at pagsusuri sa pagkamakatarungan ng serbisyo sa ilalim ng Title VI.

BP551 – Title VI Patakarang sa Pagrerepaso sa serbisyo at Ulat sa Pagsunod: 1) Isinasama ang mga may kaugnayan sa wika sa proseso sa pagreklamo sa ilalim ng Title VI at pag-update ng bagong mga pamamaraan sa reklamo at ang mga takdang panahon para dito; 2) nililinaw ang patakarang sa Malaking Pagbabago sa Serbisyo; 3) Itinatatag ang mga limitasyon sa pagpapasya kung ang mga mungkahing pagbabago ay may diskriminasyong epekto sa mga populasyon na protektado sa ilalim ng Title VI; at 4) nagtatatag ng programa sa pagsubaybay at pag-uulat ng serbisyo ng transit.

Kung maaprubahan ng Board of Directors, ang mga pagbabago sa Board Policies 163, 501, at 551 ay ipapatupad sa Hulyo, 2014.

Ang Komento ng Publiko sa mga iminungkahing pagbabago sa Board Policies 163, 501, and 551 ay iniimbita sa kasulatan o sa pampublikong pagdinig na nakatakda sa oras na 5:00 p.m. sa Miyerkules, Hunyo 11, 2014 sa AC Transit General Offices, Second Floor Board Room, 1600 Franklin Street, Oakland, California. Hinihikayat ang publiko na magsumite ng mga **nakasulat na komento** sa pamamagitan ng liham, facsimile, o email, na kailangan matanggap ng bago ang pagsasara ng pagdinig sa Miyerkules, Hunyo 11, 2014. Ang mga nakasulat na komento ay tatanggap ng pansin na katulad ng mga sinabing komento na nakuha sa Pampublikong Pagdinig. Mangyaring ipadala ang mga nakasulat na komento sa AC Transit Board of Directors, 1600 Franklin Street, Oakland, California, 94612; sa fax sa (510) 891-7157; o email sa planning@actransit.org. Ang mga komento ay maari ring isumite sa pamamagitan ng voicemail sa (510) 891-5470.

Ang lugar ng pagpupulong ay magagamit ng mga nasa wheelchair.

Kung hilingin, ang isang interpreter ng sign language ay dadalo sa pagdinig. Maaaring magkaloob ng serbisyo ng interpreter sa ibang wika, kung kinakailangan. Mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng District Secretary sa (510) 891-7201 bago sumapit ang Huwebes, Hunyo 5, 2014, sa oras na 5:00 p.m., para makipag-ayos. Para sa TDD na may kapansanan sa pandinig, tumawag sa 711, California Relay Service, at tiyakin ang (510) 891-4700.

Transist Patungo sa Lugar ng Pagdinig

Ang lahat ng mga linya ng bus ng AC Transit na pumupunta sa downtown Oakland ay hihinto sa lugar na malalakad ang lugar ng pampublikong pagdinig. Para maplano ang biyahe, magpunta sa www.actransit.org o tumawag sa 511 (at sabihin, "AC Transit"). Ang lugar ay mapupuntahan din sa pamamagitan ng BART sa 19th St. Oakland station.

Mangyaring huwag magsuot ng mga mababangong produkto sa pagpupulong.